Pagpunta sa sentro ng bakunahan para magpabakuna laban sa COVID-19

amaze | NDS National Disability Services

Filipino

Pupunta ako sa sentro ng bakunahan para magpabakuna laban sa COVID-19.

Ang mga sentrong ito ay para lamang sa bakuna laban sa COVID-19.

Ang bakuna laban sa COVID-19 ay gamot na ituturok sa pamamagitan ng karayom (iniksyon) sa aking braso.

Makakatulong ito upang mapigilan ang pagkahawahan ng mga tao at pagkalat ng COVID-19.

Maaari rin nitong mapigilan ang pagkakasakit nang malubha ng mga tao mula sa COVID-19.

Ang kasama kong nasa hustong gulang ay kailangang mag-check in gamit ang QR code sa kanyang telepono.

O isusulat niya ang aking pangalan at numero ng telepono.

Susuriin ng kawani ang aking temperatura.

Maaari rin niyang suriin ang temperatura ng kasama kong nasa hustong gulang.

Kung may suot akong mask, hihilingan niya akong magsuot ng panibago.

Ang kasama kong nasa hustong gulang ay magpapalit din ng kanyang mask.

Maaaring kailangan kong gumamit ng hand sanitiser pagpasok ko sa gusali.

Puwede ko ring gamitin ang sarili kong hand sanitiser.

Kami ng kasama kong nasa hustong gulang ay lalapit sa desk.

Ang kasama kong nasa hustong gulang ay magpupuno ng mga form kasama ang kawani.

Sasabihin sa akin ng kawani ang susunod na gagawin.

Dadalhin ako ng kawani sa kuwarto.

Puwede akong magsuot ng sunglass o magsuot ng cap (gora) kung napakaliwanag.

Puwede akong samahan ng kasama kong nasa hustong gulang.

Puwede akong maupo maski saan ko gusto.

Puwede akong kumandong sa kasama kong nasa hustong gulang.

Puwede akong maupo sa silya.

O puwede akong maupo sa sahig.

Puwede akong manood ng video.

Puwede akong makinig ng musika.

Puwede kong paglaruan o yakapin ang aking laruan.

Tatanungin ng nars ang kasama kong nasa hustong gulang tungkol sa aking kalusugan.

Hihilingan ako ng nars na hubarin ang aking jumper o ililis ang aking manggas.

Kung nag-aalala ako tungkol sa iniksyon, puwede akong tumingin sa iba o sa isang bagay sa dingding.

Puwede akong aliwin ng kasama kong nasa hustong gulang.

Matapos akong mainiksyunan, tatapalan ng band-aid at/o bulak ang aking braso.

Pagkatapos ay puwede kong piliing isuot na muli ang aking jumper o ibaba ang aking manggas.

Bibigyan ng nars ang kasama kong nasa hustong gulang ng impormasyon kung ano ang maaasahan matapos ang pag-iniksyon.

May larawan ng puno sa dingding.

Ito ay tinatawag na Engkantadong Gubat ng Proteksyon.

Ang nars ay mayroong mga sticker na dahon.

Kung gusto ko, maaari kong ilagay ang aking pangalan sa isang sticker na dahon at idagdag ito sa puno.

Puwede akong tulungan ng kasama kong nasa hustong gulang.

Maghihintay ako sa hintayan nang 15 minuto.

Mangyayari ito pagkatapos ng iniksyon.

Ang kasama kong nasa hustong gulang ay puwedeng orasan ang paghihintay sa kanyang telepono.

Puwede akong makinig ng musika, manood ng video at gumamit ng mga bagay na makukutingting habang ako ay naghihintay.

Kapag natapos na ang 15 minuto, tatanungin ako ng nars ng ilang tanong.

Kung gusto ko, sasabihin ko na lang ito sa kasama kong nasa hustong gulang at siya ang makikipag-usap sa nars para sa akin.

Puwede na akong umalis sa sentro ng bakunahan.

Buong pagmamalaking binuo na kasosyo ang Amaze at National Disability Services

Amaze

Tel: 03 9657 1600

www.amaze.org.au

Email: info@autismconnect.org.au

National Disability Services
(Pambansang mga Serbisyo
sa Kapansanan)

Tel: 03 8341 4300

www.nds.org.au

Email: ndsvic@nds.org.au

Mga Pagkilala
Pasasalamat sa lahat ng mga kawani sa EACH low sensory, klinika ng bakunahan para sa mga bata at mga nasa hustong gulang para sa kanilang suporta at sa mga pamilyang lumahok sa pagbuo ng mapagkukunang ito.

Ang social script na ito ay nilikha ng Amaze at ng National Disability Services (NDS) na may suporta ng Kagawaran ng Kalusugan ng Victoria at ng Kagawaran ng mga Pamilya Pagkamakatarungan at Pabahay ng Victoria.

© Amaze 2022